FILIPINO

# Pagrerepasong Pambatas ng Disability Inclusion Act 2014

## (Batas sa Pagsasama ng May-kapansanan 2014)

Papel Pantalakayan

Enero 2020



# Mga Nilalaman


**1 Nirerepaso namin ang Disability Inclusion Act 2014 (NSW) 3**

1.1 Mga kasalukuyang pagrerepaso at reporma sa kapansanan na isinasagawa sa NSW 3

1.2 Tungkol sa Batas 5

1.3 Paano mo maipapahayag ang iyong palagay 6

**2 Paano nagsimula ang Batas at ang NDIS 8**

2.1 Mga maagang konsultasyon at ang simula ng Batas 8

2.2 Ang Batas at ang UN Convention 8

2.3 National Disability Insurance Scheme (NDIS) 9

**3 Ang itinatakdang makamit ng Batas 10**

**4 Mga karapatan sa Batas ng mga taong may kapansanan 11**

**5 Pagpaplano sa pagsasama ng may kapansanan sa NSW 13**

5.1 State Disability Inclusion Plan 13

5.2 Pagrepaso ng NSW Disability Inclusion Plan 14

5.3 Disability Inclusion Action Plans 15

**6 Disability Council NSW 18**

6.1 Ang ginagawa ng Disability Council 18

6.2 Sino ang kabahagi ng Disability Council? 19

**7 Pagpopondo para sa mga suporta at serbisyo 20**

7.1 Pagtiyak na natutugunan ng mga provider ang isang hanay ng mga pamantayan 20

7.2 Mga suporta at mga serbisyo 20

**8 Mga samu't saring probisyon 23**

# 1 Nirerepaso namin ang Disability Inclusion Act

Ang Disability Inclusion Act 2014 (NSW) (ang Batas) ay nagsimula noong 3 Disyembre 2014 – Pandaigdigang Araw ng mga Taong May Kapansanan. Ang Batas ay hahalili sa naunang Disability Services Act 1993.

Kami (NSW Department of Communities and Justice) ay magrerepaso ng Batas sa ngalan ng Ministro para sa Families, Communities and Disability Services, ang Kagalang-galang na si Gareth Ward MP.

Nirerepaso namin ang Batas upang matiyak na nakamit nito ang nilalayon nitong makamtan. Titingnan din ng pagrerepaso kung ano ang kailangang baguhin upang maisapanahon ito.

Ang Batas ay nagtataguyod ng pagsasama at paglahok ng mga taong may kapansanan sa komunidad sa ilang paraan. Sa kasalukuyan ito ay:

- nangangailangan ng pagbuo ng isang Plano ng Estado para sa May Kapansanan (State Disability Plan)
- nag-aatas sa mga lupon ng pamahalaan na magbuo ng mga planong aksyon sa pagsasama ng may kapansanan at
- tumutulong sa Disability Council NSW upang payuhan ang Ministro tungkol sa mga bagay na nakakaapekto sa taong may kapansanan.

## 1.1 Mga kasalukuyang pagrerepaso at reporma sa kapansanan na isinasagawa sa NSW

### NSW Ageing and Disability Commissioner

Ang NSW Ageing and Disability Commissioner (Komisyonado ng Pagtanda at Kapansanan ng NSW) ay may plano para sa bawat nakatatandang tao at mga may kapansanan na may sapat na gulang sa estadong ito. Nais ng Komisyonado na makaramdam sila ng pagiging ligtas, paggalang at dangal sa kanilang tahanan, at sa komunidad.

Ang Komisyonado ay malapit na makikipagtulungan sa iba pang mga serbisyo ng pamahalaan at mga di-pamahalaan upang mas maprotektahan ang nakakatanda at may kapansanan na may sapat na gulang. Lalo na sa pang-aabuso, pagpapabaya at pagsasamantala ng isang kakilala. Ito ay maaaring gawa ng isang kaibigan, kapamilya, kapitbahay o ng isang tao sa komunidad.

### Pagrerepaso ng Adbokasya sa May Kapansanan sa NSW

Ang NSW Ageing and Disability Commission ay nagsasagawa ng pagrerepaso upang mas maunawaan ang layunin, mga silbi at mga pangangailangan sa hinaharap ng adbokasya para sa mga taong may kapansanan sa buong estado. Susuriin ng pagrerepaso ang mga bahaging ito para sa independiyenteng espesyalistang adbokasya, kabilang ang impormasyon at mga kinatawang samahan para sa mga taong may kapansanan sa buong NSW. Titingnan din ng pagrerepaso kung paano inihahatid ang pagpopondo sa adbokasya at mga serbisyo, at gagawa ng mga rekomendasyon para sa hinaharap.

## Pagtatrabaho at Pagiging Kasama (Inclusion) sa loob ng Pamahalaang NSW

Ang mga taong may kapansanan ay nahaharap sa mga hadlang sa lubos na pagsama sa buhay panlipunan at kabuhayan. Ang pagdaragdag ng representasyon ng mga taong may kapansanan sa pampublikong sektor sa NSW, at paglulubos ng mga oportunidad para makalahok sa lakas-paggawa ay nangangahulugan na mas maraming taong may kapansanan ang makaka-access ng mga oportunidad sa pagtatrabaho at pananalapi at iba pang mga benepisyo na kaakibat nito.

Ito ang dahilan kung bakit nananatiling nakatuon ang NSW sa pagdaragdag ng representasyon ng mga taong may kapansanan sa pampublikong sektor ng NSW at aktibong nagtatrabaho tungo sa kasalukuyang Prayoridad ng Premier na magkaroon ng isang world class na pampublikong serbisyo sa pamamagitan ng mga key diversity target, tulad ng paniniguro na ang 5.6% ng mga tungkulin sa sektor ng pamahalaan ay hawak ng mga taong may kapansanan pagdating ng 2025.

Ang Pamahalaang NSW ay may mahalagang papel sa paghubog ng kultura ng mga pangkat at mga lugar ng trabaho. Kailangan nating himukin ang mga taong may kapansanan na lubos na makilahok sa ating lakas-paggawa at panatilihin sa trabaho ang mga tauhan na maaaring nagkaroon ng kapansanan sa kanilang pagtatrabaho.

## Mga Mahigpit na Gawi at Suporta sa Pag-uugali

Ang NSW ay responsable para sa proseso ng awtorisasyon sa mahihigpit na gawi para sa mga rehistradong provider ng NDIS na nagseserbisyo sa NSW at kamakailan lamang ay bumuo ng isang Patakaran sa Awtorisasyon sa Mahihigpit na Gawi (Restrictive Practices Authorisation Policy) at ng Gabay sa Pamamaraan ng Awtorisasyon sa Mahihigpit na Gawi (Restrictive Practices Authorisation Procedural Guide), upang ipaalam sa mga provider sa NSW ang kanilang mga responsibilidad tungkol sa pagkuha ng awtorisasyon para sa paggamit ng mahihigpit na gawi.

May mga sesyon ng impormasyon na ginanap sa buong NSW kaugnay ng kalidad, pananananggalang at mga pag-uulat na itinalaga mula noong 1 Hulyo 2018.

## National Disability Insurance Scheme sa NSW

Ang pagpopondo ng Pamahalaang NSW para sa mga serbisyo ng espesyalistang kapansanan ay ibinibigay na ngayon sa pamamagitan ng National Disability Insurance Scheme (NDIS) (Pambansang Iskema ng Seguro sa Kapansanan) para sa mga suportang pang-indibidwal para sa mga taong may kapansanan.

Noong 25 Mayo 2018, ang mga pamahalaang Commonwealth at New South Wales ay pumasok sa isang Bilateral na Kasunduan sa National Disability Insurance Scheme. Ang paglipat sa buong iskema sa NSW ay naganap sa dalawang yugto mula Hulyo 2016 hanggang Hunyo 2018. Ang buong iskema ay nagsimula sa NSW noong Hulyo 2018.

## Information, Linkages and Capacity Building – ILC (Impormasyon, mga Ugnayan at Pagbuo ng Kakayahan) NDIS

Ang ILC ay tungkol lahat sa pagsasama – ito ay tungkol sa paglikha ng mga ugnayan sa pagitan ng mga taong may kapansanan at ng mga komunidad na kanilang tinitirhan. Hindi tulad ng natitirang NDIS, ang ILC ay hindi nagbibigay ng pagpopondo sa mga indibidwal. Ang ILC ay nagbibigay ng mga gawad sa mga samahan upang maghatid ng mga proyekto sa komunidad na pakikinabangan ng lahat ng taong may kapansanan, kanilang mga tagapag-alaga at pamilya.

### Royal Commission into Violence, Abuse, Neglect and Exploitation of People with Disability

Noong 5 Abril 2019, ipinahayag sa publiko ng Punong Ministro, ang Kagalang-galang na si Scott Morrison MP, at ng Ministro para sa mga Pamilya at mga Serbisyong Panlipunan, ang Kagalang-galang na si Paul Fletcher MP, ang Royal Commission into Violence, Abuse, Neglect and Exploitation of People with Disability. Ang mga Komisyonado ay inutusang magsiyasat sa karahasan, pang-aabuso, pagpapabaya at pagsasamantala sa mga taong may kapansanan. Sakop sa pagsisiyasat ang lahat ng uri ng karahasan, at pang-aabuso, pagpapabaya at pagsasamantala sa mga taong may kapansanan, sa lahat ng mga tagpuan (settings) at kalagayan (contexts).

### National Disability Strategy

Ang National Disability Strategy (ang Istratehiya), na binuo ng mga pamahalaang Commonwealth, Estado at Teritoryo sa pakikipagtulungan sa Council of Australian Governments (COAG), at nagtatakda ng isang sampung-taong pambansang plano para sa pagpapabuti ng buhay para sa mga Australyanong may kapansanan, kanilang mga pamilya at mga tagapag-alaga.

Ang Istratehiya ay batay sa mga natuklasan ng malawakang konsultasyon na isinagawa noong 2008-09 ng National People with Disabilities and Carer Council at iniulat sa Shut Out: The Experience of People with Disabilities and their Families in Australia (2009).

Ang Istratehiya ay matatapos sa katapusan ng 2020 at ang mga pamahalaan sa buong Australya ay nagtutulungan upang bumuo ng bagong istratehiya para sa 2020 at makalipas nito. Naganap ang unang yugto ng konsultasyon noong Abril at Hunyo 2019. Higit pang mga konsultasyon ang magaganap sa unang bahagi ng 2020 at hinihikayat namin ang lahat na magpahayag ng kanilang palagay tungkol sa mga prayoridad at aksyon para sa susunod na istratehiya.

Marami nang naging pagbabago sa patakaran sa kapansanan at paghahatid ng serbisyo simula nang umpisahan ang kasalukuyang Istratehiya noong 2011. Ipinapakita ng kamakailang independiyenteng pagrerepaso na maraming bahagi ng kasalukuyang istratehiya ang gumagana nang maayos at ang mga pangkalahatang prinsipyo at layunin ng Istratehiya ay mahalaga at importante. Ipinakita rin sa pagrerepaso na mayroon pang maaaring pagbutihin, lalo na kung paano ipapatupad ang istratehiya.

Ang bagong istratehiya ay sumasalamin sa nagbabagong patakaran at nagdaragdag sa mga oportunidad na makukuha ngayon pati na rin sa maaaring lumitaw sa susunod na dekada, kabilang dito ang pagsasaalang-alang sa mga natuklasan ng Productivity Commission’s Review ng National Disability Agreement.

## 1.2 Tungkol sa Batas

Ang Batas ay tungkol sa paglikha ng isang lipunan na pinahahalagahan ang pagkakapantay-pantay, at pagiging kasama ng mga taong may kapansanan sa komunidad. Ito ay nagtatakda ng malinaw na pahayag ng mga layunin at mga alituntunin na alinsunod sa United Nations Convention ukol sa mga Karapatan ng mga Taong May Kapansanan.

Ang Batas ay:

- nagbibigay sa mga taong may kapansanan ng pagpipilian at kontrol sa mga suporta at serbisyong ibinibigay sa kanila
- nag-aatas sa mga lupon ng pamahalaan na bumuo ng mga planong aksyon sa pagsasama ng may kapansanan
- nagsisiguro na ang Disability Council NSW ay patuloy na kumakatawan sa mga taong may kapansanan
- nagsisiguro na ang mga taong may kapansanan ay tumatanggap ng may kalidad na mga serbisyo at suporta habang inilalatag ang National Disability Insurance Scheme (NDIS).

Marami ka pang malalaman tungkol sa Batas sa papel pangtalakayang ito

### Tungkol sa papel pangtalakayan na ito

Ang papel pangtalakayan na ito ang unang bahagi ng proseso ng pagrerepaso. Ito ay nagbibigay ng impormasyon tungkol sa ginagawa ng bawat bahagi ng Batas.

Naglagay kami ng mga tanong upang masabi mo sa amin ang iyong palagay kung paano gumagana ang Batas.

Gaya ng tinukoy sa seksyon sa itaas, kasalukuyang maraming gawaing pagsasama para sa sektor ng may kapansanan. Ang papel pangtalakayan ay partikular na nagtatanong tungkol sa Disability Inclusion Act 2014 (NSW).

## 1.3 Paano mo maipapahayag ang iyong palagay

Nais naming makarinig mula sa iyo.

Mahalagang marinig namin ang tinig ng lahat ng iba't ibang tao upang matiyak na nasasalamin ng Batas kung ano ang kailangan para masuportahan ang mga komunidad na nagsasama (inclusive communities). Hinihikayat namin ang lahat na magpahayag ng kanilang palagay, lalo na:

- ang mga taong may kapansanan
- mga tagapag-alaga
- mga provider ng serbisyo para sa may kapansanan
- mga miyembro ng komunidad
- mga lokal na konseho.

### Online na survey

Maaari mong sagutin ang mga tanong sa papel pangtalakayan na ito sa pamamagitan ng pagkumpleto ng isang online survey sa website ng DCJ.

### Mga nakasulat na isinusumite

Kung nais mong ipadala ang iyong feedback sa pamamagitan ng nakasulat na isinusumite, mangyaring mag-email sa NSWDIP@facs.nsw.gov.au o ipadala sa koreo sa: Department of Communities and Justice, Locked Bag 4028, Ashfield, NSW 2131.

## Mga Palihan (Workshops)

Nagpaplano rin kami ng mga workshop at talakayang roundtable. Maaari kang manatiling updated sa mga ito sa pamamagitan ng website ng DCJ.

## Petsa ng pagsasara

Lahat ng mga sagot sa survey, mga nakasulat na isinusumite at feedback mula sa aming mga workshop ay kailangang matanggap bago mag alas 5 ng hapon sa 30 Marso 2020.

## Ano ang mangyayari sa iyong feedback?

Ang iyong feedback ay isasaalang-alang at tutulong sa ulat sa pagrerepaso. Ang ulat ay isusumite sa Parlyamento ng NSW kung kinakailangan sa ilalim ng seksyon 51 ng Batas.

Anumang pormal na feedback na ibibigay mo sa amin ay mababasa sa aming pampublikong website. Maaari mong ipaalam sa amin kung ayaw mong malathala ang iyong mga personal na detalye o anumang bahagi ng iyong isinumite. Tiyakin lamang na isusulat mo ang mga dahilan kung bakit.

Ang awtomatikong lalabas na kompidensyal na pahayag sa isang email ay hindi ituturing na pormal na payo.

Pakitandaan: gagawin namin ang lubos ng aming makakaya upang panatilihing kompidensyal ang iyong impormasyon kung hihilingin mong gawin namin ito, ngunit hindi namin ito maipapangako. Kung minsan ang batas o pampublikong interes ay nagsasabi na kailangan naming isiwalat ang iyong impormasyon sa ibang tao. Isang halimbawa nito ay kung ang isang tao ay humihiling ng impormasyon sa ilalim ng Government Information (Public Access) Act 2009.

## Karagdagang impormasyon

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pagrerepaso at kung paano ka makakalahok, mangyaring mag-email sa NSWDIP@facs.nsw.gov.au o tumawag sa 02 9716 3429.

# 2 Paano nagsimula ang Batas at ang NDIS

## 2.1 Mga maagang konsultasyon at ang simula ng Batas

Libu-libong tao sa buong NSW ang tumulong sa pagpapabuti ng Batas sa pamamagitan ng pagbibigay ng feedback. Ito ay nagsimula noong 2011 sa Living Life My Way na mga konsultasyon. Mahigit 4,000 indibidwal ang nagkaroon ng pagkakataong ibahagi ang kanilang mga pananaw sa prosesong ito.

Sa unang bahagi ng 2013, mga 600 na tao ang dumalo sa harap-harapang mga konsultasyon upang talakayin ang pagrerepaso ng Disability Services Act 1993 (NSW). Tumanggap din kami ng 64 na nakasulat na mga isinumite.

Noong Disyembre 2013, nagpalabas kami ng planong nagpapakila (exposure draft) sa Disability Inclusion Bill 2014 (NSW) para sa feedback. Tumanggap kami ng mahigit 90 mga nakasulat na isinumite. Nakarinig kami mula sa:

- mga taong may kapansanan, kanilang mga pamilya at tagapag-alaga
- mga malawakang lupon
- mga provider ng serbisyo
- iba pang mga samahan.

Sa prosesong ito ng konsultasyon, narinig namin na kailangan ng bagong pambatasang balangkas. Dahil dito, ang Batas ay nagpakilala ng balangkas ng pagsasama na batay sa mga karapatan.

Ang Batas ay sumusuporta sa pamamaraang mas naiaakma at nakasentro sa tao. Ito ay dinisenyo upang bigyan ang mga taong may kapansanan ng pagpipilian at kontrol sa kanilang sariling mga suporta at serbisyo.

## 2.2 Ang Batas at ang UN Convention

Noong 2008, pumayag ang Australya na sumailalim sa United Nations Convention hinggil sa mga Karapatan ng mga Taong May Kapansanan (Kombensyon ng Nagkakaisang mga Bansa).

Kinikilala ng UN Convention na ang mga taong may kapansanan ay dapat tratuhing kapantay ng iba pang miyembro ng komunidad. Itinataguyod nito na ang mga taong may kapansanan ay may karapatang tamasahin ang lahat ng mga karapatang pantao at maprotektahan ang mga karapatang ito.

Sinisiguro ng Batas na ang mga patakaran at mga programa para sa mga serbisyo sa may-kapansanan sa NSW ay naaayon sa UN Convention.

Ang Batas ay gumagamit ng salitang 'kapansanan' na may parehong kahulugan sa UN Convention[1]. Inilalarawan nito ang 'kapansanan' na kinabibilangan ng taong may matagalang pisikal, sikayatriko, intelektuwal o pandamdam na kapansanan na sa pagharap sa sari-saring mga balakid, ay maaaring maging hadlang sa lubos at mabisang pakikilahok ng tao sa lipunan bilang kapantay ng iba.[2]

[1] United Nations Convention hinggil sa mga Karapatan ng mga Taong May Kapansanan, Artikulo 1.
[2] Bahagi 7 (mga kahulugan) ng Disability Inclusion Act 2014 (NSW).

## 2.3 National Disability Insurance Scheme (NDIS)

Ang NDIS ay itinatag sa ilalim ng National Disability Insurance Scheme Act 2013 (Cth) (NDIS Act).

Ang Batas ng NDIS ay nagbibigay sa karapat-dapat na mga taong may kapansanan ng mga indibidwal na pakete ng pagpopondo batay sa kanilang mga pangangailangan at mithiin. Ito ay nagbibigay sa kanila ng pagpipilian at kontrol sa mga suporta sa kapansanan at mga serbisyo na natatanggap nila sa pamamagitan ng mga personal na plano.

Ito ay nagtatakda ng isang balangkas ng mga pamantayan ng kalidad at mga pananggalang (safeguards). Ang mga provider ng mga suporta sa kapansanan at mga serbisyo ay dapat tumugon sa mga ito upang magkapagrehistro para sa NDIS.

Ang Batas ng NDIS ay nagtatag din ng National Disability Insurance Agency upang pangasiwaan ang pagpapatupad at pamamahala. Ang NDIS Quality and Safeguards Commission ay sumisiguro na ang mga pamantayan sa kaligtasan at kalidad ay pare-pareho sa buong Australya.

Mula 1 Hulyo 2019, ang NDIS ay ganap na bukas sa lahat ng estado at teritoryo, maliban sa Western Australia, kung saan ito ay inaasahang magsimula sa kalagitnaan ng 2020.

Mula 30 Setyembre 2019, 106,819 ng mga taong may kapansanan sa NSW ang mga aktibong kalahok sa NDIS sa ilalim ng inaprubahang mga plano.

# 3 Ang itinakdang makamit ng Batas

Ang Seksyon 3 ng Batas ay nagtatakda ng mga layunin na nais nitong makamit.
Ang mga layunin ay:

a) kilalanin na ang mga taong may kapansanan ay mayroon ding mga karapatang pantao tulad ng iba pang mga miyembro ng komunidad at ang Estado at komunidad ay may responsibilidad na bigyang-daan ang pagsasagawa ng mga karapatang iyon

b) itaguyod ang pagiging independiyente at pagsasama sa lipunan at kabuhayan ng mga taong may kapansanan

c) tulungan ang mga taong may kapansanan na magsagawa ng pagpili at kontrol sa pagkamit ng kanilang mga layunin at sa pagpaplano at paghahatid ng kanilang mga suporta at serbisyo

d) magbigay ng mga pananggalang (safeguards) na kaugnay sa paghahatid ng mga suporta at serbisyo para sa mga taong may kapansanan

e) suportahan, hangga't makatwirang maisasagawa, ang mga layunin at mga alituntunin ng United Nations Convention sa mga Karapatan ng mga Taong May Kapansanan

f) maglaan para sa mga responsibilidad ng Estado habang at kasunod ng paglipat sa National Disability Insurance Scheme.

Binibigyang-diin ng mga ito ang mga karapatang pantao ng mga taong may kapansanan kabilang ang karapatan sa dignidad, paggalang at pagpasya para sa kanilang sarili. May bisa pa rin ang mga ito sa ngayon.

Gayunman, ang ilang mga layunin ay kailangang muling tasahin dahil sa NDIS. Sa ilalim ng NDIS, ang Pamahalaang Australya ay nangangasiwa sa paghahatid ng mga suporta sa kapansanan at serbisyo sa mga taong may kapansanan sa NSW at namamahala sa kalidad at balangkas ng mga pananggalang para sa mga serbisyong ganito.

---

Ang mga tanong 1 at 2 ay tungkol sa mga layunin at mga alituntunin ng Batas. Ito ang unang bahagi ng Batas na nagtatakda ng pinakamahalagang mga elemento sa pagsasama ng mga taong may kapansanan. Itinatanong ng tanong 1 at 2 kung lahat ng mahahalagang katangian ay isinama.

---

**Tanong 1:**

Anong mga pagbabago, kung mayroon man, ang dapat gawin sa mga layunin na nakabalangkas sa seksyon 3 ng Disability Inclusion Act 2014?

Mayroon bang anumang nakaligtaan na nais mong idagdag sa mga layunin?

# 4 Mga karapatan sa Batas ng mga taong may kapansanan

Ang Seksyon 4 ng Batas ay nagtatakda ng mga alituntunin na nagbibigay sa mga taong may kapansanan ng karapatan na:

- igalang dahil sa kanilang kahalagahan at dignidad bilang mga indibidwal
- lumahok at mag-ambag sa buhay panlipunan at pangkabuhayan at dapat suportahan upang paunlarin at pahusayin pa ang kanilang mga kasanayan at karanasan,
- makamit ang kanilang mga kakayahang pisikal, sosyal, sekswal, reproduktibo, emosyonal at intelektuwal
- gumawa ng desisyon, tulad ng iba pang mga miyembro ng komunidad, na nakakaapekto sa kanilang buhay (kabilang ang mga desisyon na may panganib) hanggang sa abot ng kanilang makakaya at masuportahan sa paggawa ng mga desisyong ito kung nais o kailangan nila ng suporta
- igalang ang kanilang pagkakaiba sa kultura at wika, edad, kasarian, seksuwal na oryentasyon at mga paniniwala sa relihiyon
- igalang ang kanilang pagkapribado at pagiging kompidensyal
- mamuhay nang malaya sa kapabayaan, pang-aabuso at pagsasamantala
- ma-access ang impormasyon sa paraang angkop para sa kanilang kapansanan at kulturang pinagmulan, at matulungan silang gumawa nang may-kaalamang mga pagpapasya
- maghain ng mga reklamo, tulad ng ibang miyembro ng komunidad
- magkaroon ng pagkilala, at paggalang sa mahalagang papel ng mga pamilya, tagapag-alaga at iba pang may kinalamang mga tao sa buhay ng mga taong may kapansanan at ang kahalagahan ng pagpapanatili ng mga ugnayan sa mga pamilya at mga tagapag-alaga at iba pang may kinalamang mga tao
- magkaroon ng paggalang sa mga pangangailangan ng mga batang may kapansanan habang sila ay lumalaki, at sa kanilang mga karapatan bilang kapantay na mga miyembro ng komunidad
- paggalang sa nagbabagong mga kakayahan, lakas, layunin at pangangailangan ng mga taong may kapansanan habang tumatanda.

### Mga karapatan para sa partikular na mga grupo ng taong may kapansanan

Ang seksyon 5 ng Batas ay nagtatakda ng mas maraming alituntunin na kumikilala sa mga pangangailangan ng partikular na mga grupo ng mga taong may kapansanan. Kabilang dito ang:

- mga taong Aborihinal at Torres Strait Islander
- mga grupo ng minoryang kultura at wika
- mga kababaihan
- mga bata.

### Pagtiyak na sinusunod ng mga tamang tao ang mga alituntunin

Ang seksyon 6 ay nagsasabi sa mga provider ng serbisyo at iba pang mga samahan na sakop ang trabaho sa ilalim ng Batas, na sundin ang mga alituntuning ito. Kabilang dito ang mga ahensya ng pamahalaan na kailangang maghanda ng mga planong aksyon sa kapansanan.

**Tanong 2:**

Sapat bang nasasakop ng mga pangkalahatang alituntunin sa seksyon 4 at seksyon 5 ng Batas ang mga alituntuning gumagabay sa makabagong gawi at patakaran para sa mga taong may kapansanan? May iba pa bang mga alituntunin na sa palagay mo ay dapat idagdag dito o may ilan na dapat tanggalin?

# 5 Pagpaplano sa pagsasama ng may kapansanan sa NSW

## 5.1 State Disability Inclusion Plan

Bilang bahagi ng mga seksyon 10 at 11 ng Batas, ang pamahalaang NSW ay dapat bumuo ng isang pang-apat-na-taong State Disability Inclusion Plan (Plano ng Estado sa Pagsasama ng May Kapansanan). Sinasabi sa Batas na ang plano ay dapat gumabay kung paano kikilos ang buong pamahalaan patungo sa pagkakaroon ng mga komunidad na nagsasama sa mga taong may kapansanan. Ito rin ay dapat magsabi kung paano mas mapapabuti ang access sa mainstream na mga serbisyo at mga pasilidad ng komunidad.[3]

Ang plano ng NSW Disability Inclusion Plan (NSW DIP) ay inilunsad noong 26 Pebrero 2015. Ang plano ay aming pangako sa pagtiyak na ang mga taong may kapansanan ay mayroong mga pagkakataon na gaya ng iba. Tinutukoy at tinatanggal nito ang mga hadlang na pumipigil na mangyari ito.

Ang plano ay umaayon sa National Disability Strategy at mga obligasyon ng Australya sa ilalim ng UN Convention. Ang NSW DIP ay nakatuon sa apat na aaksyunang bahagi na tinukoy ng mga taong may kapansanan, ng pamahalaang NSW at komunidad. Ang mga aaksyunang bahaging ito ay:

1. pagpapaunlad ng positibong pagtingin at pag-uugali sa komunidad
2. paglikha ng mga komunidad na kaaya-ayang tirahan
3. pagsuporta sa access sa makabuluhang pagtatrabaho, at
4. pagpapabuti ng access sa mainstream na mga serbisyo sa pamamagitan ng mas mahusay na mga sistema at proseso.

Ang mga bagong inisyatiba sa ilalim ng NSW DIP ay kinabibilangan ng:

- seryeng Employable Me para sa ABC TV
- mga pakete ng pagsasanay at mga kampanya para sa kamalayan ng mga tagapag-empleyo
- mga istratehiya sa turismong nagsasama
- mga pagtutuwang at mga gawad na nakatalaga sa komunidad
- mga network ng tagapag-empleyo at empleyado
- mga bagong komite, mga plano at kasunduan upang magkaroon ng pag-unlad.

[3] Seksyon 10 ng Disability Inclusion Act 2014 (NSW).

## 5.2 Pagrepaso ng NSW Disability Inclusion Plan

Noong Hunyo 2018, hiniling namin sa Sax Institute na repasuhin ang NSW DIP matapos ang unang apat-na-taong yugto nito. Ang pagrepasong ito ay kinakailangan sa ilalim ng Batas. Ang Sax Institute ay nakipagtuwang sa Centre for Disability Policy and Research sa University of Sydney.

Gusto naming maunawaan kung ang mga layunin na nakatakda sa NSW DIP ay sumusuporta sa mga taong may kapansanan sa pamamagitan ng:

- pagbubuo ng mga komunidad na nagsasama (inclusive communities)
- pagpapabuti ng kanilang access sa mainstream na mga serbisyo at mga pasilidad.

Bilang bahagi ng pagrerepaso, tiningnan namin ang umiiral na mga dokumento at pinakinggan ang mahigit sa 150 na mga stakeholder. Kabilang dito ang mga tao mula sa:

- mga ahensiya ng Pamahalaang NSW
- mga lokal na konseho
- mga malawakang lupong
- mga samahang pangkomunidad
- mga samahan sa sektor ng kapansanan
- mga taong may kapansanan.

Napag-alaman ng pagrerepaso na kami ay nagtatagumpay sa pagkamit ng mga layunin ng NSW DIP. Gayunman, marami pa ring dapat gawin. Kailangan nating magtrabaho nang mas mahusay at magkakapareho sa mga ahensya ng Pamahalaang NSW at lokal na konseho. Sa ganito lang natin makakamit ang mga mithiin. Ang ulat ng pagrerepaso at ang mahahalagang napag-alaman nito ay makukuha sa website ng Parlyamentong NSW.

---

Ang kasalukuyang Batas ay nag-aatas sa NSW na magkaroon ng State Disability Inclusion Plan. Itinatanong ng sumusunod kung mahalaga pa rin ito at kung ano ang kailangang isama sa plano.

---

**Tanong 3:**

Tama at makabuluhan pa rin ba ang mga probisyon na may kaugnayan sa State Disability Inclusion Plan?

Sa palagay mo ba ay kailangan ang plano ng Estado, at kung gayon, ano sa palagay mo ang pinakamahalagang isama sa plano?

## 5.3 Disability Inclusion Action Plans

Ang seksyon 12 ng Batas ay tungkol sa Disability Inclusion Action Plans (DIAP). Tinitiyak ng mga planong ito na ang mga taong may kapansanan ay kasama at maaaring lumahok nang lubos sa komunidad.

Tanging ang mga ahensiya ng pamahalaan na 'mga pampublikong awtoridad' ang kinakailangan bumuo ng mga DIAP. Ang karagdagang impormasyon tungkol sa mga pampublikong awtoridad ay makukuha sa ibaba.

Ang mga plano ay dapat pareho sa NSW DIP. Dapat itakda ng mga pampublikong awtoridad ang mga hakbang na gagawin nila upang matiyak na may access ang mga taong may kapansanan sa:

- mga pangkalahatang suporta at mainstream na mga serbisyo
- partikular na mga suporta
- mga gusali, pasilidad at impormasyon sa loob ng komunidad
- mga oportunidad sa pagtatrabaho.

Ang seksyon 14 ay nagsasabi na ang mga taong may kapansanan ay kailangang masangguni upang matiyak na nakatutok ang mga DIAP sa tamang mga prayoridad.

### Sino ang kailangang magkaroon ng DIAP?

Ang pampublikong awtoridad ay binibigyang kahulugan sa seksyon 7 ng Batas bilang:

- isang kagawaran ng pamahalaan – tingnan ang Iskedyul 1, Bahagi 1 ng Government Sector Employment Act 2013. Sa kasalukuyan ay may walong kagawaran ng pamahalaan.
- isang lokal na konseho
- isang entidad na tinukoy sa Disability Inclusion Regulation 2014, kabilang ang:
  - Australian Museum Trust
  - Destination NSW
  - Library Council of New South Wales
  - Office of Finance and Services.
    (Tandaan: ang Office of Finance and Services ay napapaloob na ngayon sa isang kagawaran ng pamahalaan at samakatuwid ang sugnay 5(d) ng Regulasyon ay inulit na lang).

Lahat ng kagawaran ng pamahalaang NSW ay kinakailangang magtalaga ng kanilang mga DIAP bago ang 1 Disyembre 2015, at lahat ng lokal na konseho ay kinakailangang magtalaga ng kanilang mga DIAP bago ang 1 Hunyo 2017. Ang iba pang mga ahensiya na hindi itinuturing na kagawaran ng pamahalaan ay hindi kinakailangang bumuo ng isang DIAP. Kabilang dito ang:

- Institute of Sport
- TAFE NSW
- Information and Privacy Commission.

Maraming mga ahensya na hindi kinakailangang bumuo ng isang DIAP ay kalahok pa rin sa pagpaplano sa pagsasama ng may kapansanan. Ito ay makikita sa pagrerepaso ng NSW DIP sa pamamagitan ng Sax Institute.

### Tinitiyak na mga DIAP ay nasa tamang landas

Sa ilalim ng seksyon 13, ang mga pampublikong awtoridad ay kailangang mag-ulat sa Ministro tungkol sa pag-unlad ng kanilang mga DIAP sa bawat taong pinansyal. Karaniwang bahagi ito ng kanilang taunang ulat.

Ang seksyon 13 ay nag-aatas sa Ministro na magsumite ng ulat tungkol sa progreso ng mga DIAP sa Parlyamento sa bawat taong pinansyal.

Tulad ng NSW DIP, lahat ng mga DIAP ay dapat repasuhin bawat ika-apat na taon. Ang seksyon 14 ay nag-aatas na, sa pagrerepaso ng mga DIAP nito, bawat pampublikong awtoridad ay dapat may paggalang sa mga patnubay na ipinalabas ng Kalihim.

---

Ang mga tanong 4, 5, 6, 7 at 8 ay may kaugnayan sa Disability Inclusion Action Plans na kinakailangang italaga ng lahat ng mga kagawaran ng pamahalaan at mga lokal na konseho upang maidokumento ang trabahong ginagawa nila upang maitaguyod ang pagsasama sa mga taong may kapansanan.

---

**Tanong 4:**

Ang pagrerepaso ng Sax institute ay nag-ulat ng Disability Inclusion Action Plans (DIAPs) ng mga ahensiya ng pamahalaan at lokal na pamahalaan ng NSW.

Dapat bang maging sakop ng Batas hindi lang ang mga ahensya ng pamahalaan at lokal na pamahalaan ng NSW, mga DIAP? Kung gayon, anong mga grupo pa, sa palagay mo, ang dapat atasang magkaroon ng DIAP?

**Tanong 5:**

Epektibo ba ang Disability Inclusion Action Plans sa pagkamit ng mas malaking paglahok sa komunidad at pagsasama sa mga taong may kapansanan?
Kung hindi, ano sa palagay mo ang mas mabuting magagawa para sa kanila upang matiyak ang paglahok at pagsasama ng mga taong may kapansanan?

**Tanong 6:**

Anong mga pagpapabuti, kung mayroon man, ang maaaring gawin upang matulungan ang mga ahensya na buuin ang kanilang Disability Inclusion Action Plans? Anong mga hakbang, sa palagay mo, ang dapat ipakumpleto sa kanila bago nila buuin ang kanilang mga plano?

## Tanong 7:

Angkop pa rin ba ang mga elementong nasa Disability Inclusion Action Plans, o may mga bahagi na sa palagay mo ay dapat tanggalin o idagdag upang maging mas epektibo ang mga ito?

## Tanong 8:

Sapat ba ang mga kinakailangan sa pag-uulat para sa Disability Inclusion Action Plans? Kung hindi, paano, sa palagay mo, dapat silang mag-ulat at kung kanino sila dapat mag-ulat?

# 6 Disability Council NSW

## 6.1 Ang ginagawa ng Disability Council

Ang Disability Council NSW ang malawakang lupon na kumakatawan sa mga taong may kapansanan sa NSW. Ang konseho ay nagbibigay ng independiyenteng payo sa Ministro para sa Families, Communities and Disability Services. Nagsimula ito sa ilalim ng Community Welfare Act 1987 at ngayon ay tumatakbo sa ilalim ng Batas sa seksyon 15.[4]

Sa ilalim ng Batas, ang Disability Council ay responsable para sa:[5]

- pagsusubaybay sa pagpapatupad ng patakaran ng pamahalaan kaugnay ng mga taong may kapansanan at kanilang mga pamilya
- pagpapayo sa Ministro tungkol sa umuusbong na mga isyu na may kinalaman sa mga taong may kapansanan
- pagtataguyod ng pagsasama ng mga taong may kapansanan sa komunidad
- pagtataguyod ng kamalayan ng komunidad tungkol sa mga bagay na may kinalaman sa interes ng mga taong may kapansanan at kanilang mga pamilya
- pagkonsulta sa mga taong may kapansanan, iba pang mga malawakang lupon, at mga nagsasagawa ng pananaliksik tungkol sa mga bagay na may kaugnayan sa mga taong may kapansanan
- pagpapayo sa mga pampublikong awtoridad at sa Ministro tungkol sa nilalaman at pagpapatupad ng mga DIAP
- paghiling ng impormasyon o payo mula sa anumang pampublikong awtoridad upang maisagawa ang mga trabaho nito
- pag-uulat sa Ministro tungkol sa pagsasagawa ng mga trabaho nito, kabilang ang anumang impormasyong hiniling ng Ministro.

---

Ang mga tanong 9, 10 at 11 ay tungkol sa mga Disability Council NSW. Ano ang dapat tutukan ng Konseho at sino ang dapat maging miyembro ng Konseho.

---

**Tanong 9:**

Nananatili bang angkop ang mga gawain ng Disability Council? May iba pa bang mga karagdagang tungkulin na dapat gamitin sa Konseho upang maging mas epektibo o mas madali itong ma-access?

[4] Seksyon 15 ng Disability Inclusion Act 2014..
[5] Mga seksyon 17 at 19 ng Disability Inclusion Act 2014.

**Tanong 10:**

Ano ang epekto, kung mayroon man, ng paglalatag ng NDIS sa NSW sa trabaho ng Disability Council? Dapat bang ibahin ang tuon ng kanilang tungkulin at kung sakali, paano?

## 6.2 Sino ang kabahagi ng Disability Council?

Ang Disability Council ay dapat binubuo ng walo hanggang 12 miyembro. Karamihan sa konseho ay kailangang binubuo ng mga taong may kapansanan. Ang tagapangulo ay dapat isang taong may kapansanan, at may angkop na mga kwalipikasyon at karanasan.

Hinahawakan ng mga miyembro ang kanilang tungkulin nang hindi lalampas sa apat na taon. Ang tagapangulo at diputadong tagapangulo ay hahawak ng kanilang mga posisyong pang-ehekutibo nang isang taon. Lahat ay maaaring muling italaga. Ang mga miyembro ay kailangang italaga (at tanggalin) ng Gobernador.[6] Ito ay batay sa rekomendasyon ng Ministro ng mga Families, Communities and Disability Services. Ang tagapangulo at diputadong tagapangulo (kung sila ay mga kasalukuyang miyembro) ay itinalaga ng Ministro.[7]

**Tanong 11:**

Ang mga probisyon bang may kaugnayan sa pagiging miyembro sa Disability Council NSW ay naaangkop pa rin? Kung hindi, sinu-sino dapat ang bumubuong mga miyembro?

[6] Seksyon 16(1) at Iskedyul 1, sugnay 4(2) ng Disability Inclusion Act 2014.
[7] Sugnay 14 ng Disability Inclusion Regulation 2014 (NSW).

# 7 Pagpopondo para sa mga suporta at serbisyo

Ang mga bahagi 4 at 5 ng Batas ay kinabibilangan ng impormasyon tungkol sa mga pagpopondo at serbisyo para sa mga taong may kapansanan. Ito ay panandalian lamang, hanggang sa lubusang mailatag ang NDIS sa NSW.

## 7.1 Pagtiyak na natutugunan ng mga provider ang isang hanay ng mga pamantayan

Ang Bahagi 4 ng Batas ay nagbibigay-daan sa Ministro na gumawa ng mga pamantayan sa serbisyo sa kapansanan at pamantayan sa paninirahan sa mga suportadong panggrupong akomodasyon at pahingahan na nakatalaga sa sentro ayon sa regulasyon. Ang mga pamantayan ng serbisyo sa kapansanan ay itinatakda sa Iskedyul 1 ng Disability Inclusion Regulation 2014. Walang mga pamantayan sa paninirahan ang ginawa.

Ang Batas ay nag-aatas sa mga provider ng serbisyo sa kapansanan, na pinondohan ng Pamahalaang NSW, na sumunod sa mga pamantayan ng serbisyo sa kapansanan.

### Ang mga pamantayan sa gawi ng NDIS

Ang NDIS Quality and Safeguards Commission ay nangangasiwa ngayon sa kalidad at kaligtasan ng mga suporta at serbisyo ng NDIS. Kabilang dito ang paniniguro na lahat ng mga rehistradong provider ay sumusunod sa mga pamantayan ng gawi ng NDIS.

Ang mga pamantayan ng serbisyo sa kapansanan na ginawa sa ilalim ng Batas ay hindi ipinag-uutos. Ang mga ito ay pinalitan na ng mga pamantayan sa gawi ng NDIS.

## 7.2 Mga suporta at mga serbisyo

Ang Kalihim ng Department of Communities and Justice ay maaaring magbigay ng mga serbisyo, suporta at/o indibidwal na pagpopondo sa isang tao na kabilang sa 'target na grupo'. Ito ay bahagi ng Seksyon 5 ng Batas.

Ang Kalihim ay maaari ring magbigay ng pagpopondo sa 'mga karapat-dapat na entidad' (eligible entities). Ito ay upang makapagbigay sila ng mga suporta o serbisyo sa mga tao na kabilang sa 'target na grupo'. Ito ay bahagi ng seksyon 29 ng Batas.

## Ano ang 'target na grupo'?

Ang kahulugan ng 'target na grupo' ay nakabatay sa pagiging karapat-dapat sa NDIS. Tumutukoy ito sa isang taong may kapansanan na:

- sanhi ng intelektuwal, kognitibo, neurolohikal, sikayatriko, kapansanan sa pandama o pisikal, o kombinasyon ng mga kapansanan, at
- permanente o malamang na maging permanente, at
- hahantong sa malaking pagkabawas sa kakayahan ng isang tao upang gumana sa buhay, at
- hahantong sa pangangailangan ng suporta, na maaaring mas higit sa ilang mga panahon kaysa sa ibang panahon.

## Ano ang 'mga karapat-dapat na entidad' (eligible entities)?

Kabilang sa 'mga karapat-dapat na entidad' ang:

- mga kagawaran ng pamahalaan o mga ahensya
- mga lokal na konseho
- mga korporasyon o lupong korporasyon o body corporate (na kinabibilangan ng mga di-pamahalaang samahan)
- mga solong negosyante
- mga pakikipagtuwang
- iba pang mga entidad na itinakda sa Regulasyon.

## Mga kondisyon ng pagpopondo para sa ilang mga 'karapat-dapat na entidad'

May ilang mga kondisyon ng pagpopondo para sa 'mga karapat-dapat na entidad'. Ito ay kung sila ay nagsisilbing mekanismo sa kontrol ng kalidad, o pananggalang laban sa mababang kalidad ng serbisyo at pang-aabuso. Kabilang sa mga kondisyon ang:

- patunay na sila ay sumusunod sa mga pamantayan ng serbisyo sa kapansanan sa ilalim ng Bahagi 4 ng Batas
- mga pagtsek sa katapatan ng ilang mga manggagawa, boluntaryo at miyembro ng lupon
- pagpapayo kung paano gagamitin ang pagpopondo.

Sa ilalim ng mga seksyon 33 at 34 ng Batas, maaaring pansamantalang ihinto o itigil ng Kalihim ang pagpopondo. Maaari rin itong tawagin bilang pagsuspinde o pagwawakas ng pagpopondo. Kasama sa Seksyon 34 ang pagwawakas ng pagpopondo kung saan itinuturing ng Kalihim na hindi na ito kailangan dahil sa paglatag ng NDIS.[8] Ang mga pagrepaso ng mga desisyon na ito ay maaaring isagawa ng NSW Civil and Administrative Tribunal.[9]

[8] Seksyon 34(1)(b) ng Disability Inclusion Act 2014 (NSW).
[9] Seksyon 35 ng Disability Inclusion Act 2014 (NSW).

### Pinapalitan ng NDIS ang pansamantalang mga pananggalang (interim safeguards)

Pinalitan ng NDIS ang pangangasiwa at pagpopondo ng mga suporta at mga serbisyo sa kapansanan ng Pamahalaang NSW. Ito ay nagsimula noong 1 Hulyo 2018, nang ang NDIS ay ganap nang gumagana sa NSW.

Nagsimula ang NDIS Quality and Safeguards Commission noong 1 Hulyo 2018. Pinapalitan ng komisyon ang pansamantalang sistema ng mga pananggalang na itinakda sa ilalim ng Batas. Halimbawa, kung nais magparehistro ng isang provider sa NDIS sa NSW, dapat nitong suriin ang mga manggagawa nito. Kasama dito ang mga pagsusuri sa manggagawa na pare-pareho sa buong bansa.

Ang mga ito ay isinabatas sa NSW sa ilalim ng bagong National Disability Insurance Scheme (Worker Checks) Act 2018 (NSW).[10] Sa ilalim ng Worker Checks Act, alinmang rehistradong mga provider ay dapat gumawa ng mga clearance na NDIS Worker Check para sa kanilang mga empleyado.

---

Ang tanong 12 ay tungkol sa mga bahagi ng Batas na nagtatakda ng mga kinakailangan para sa paghahatid ng serbisyo. Dahil ang mga indibidwal na serbisyo ay inihahatid na ngayon sa pamamagitan ng NDIS, kailangan bang isama ang alinmang bahagi ng mga seksyon na ito sa bagong Batas?

---

**Tanong 12:**

Ano, kung mayroon man, ang papel na ginagampanan ng mga Bahagi 4 at 5 ng Disability Inclusion Act 2014 mula nang inilatag ang NDIS sa NSW? Mayroon bang anumang elemento na dapat panatilihin, at kung mayroon, bakit?

[10] Ang National Disability Insurance Scheme (Worker Checks) Act 2018 (NSW) ay nagsimula noong 28 Nobyembre 2018.

# 8 Mga samu't saring probisyon

Ang Batas ay naglalaman ng ilang karagdagang mga probisyon, kabilang ang:

- pagtalaga ng mga responsibilidad sa ilalim ng Batas – ang Ministro at Kalihim lamang ang maaaring magsagawa nito
- paglikha ng parusa para sa ipinagbabawal na pagsisiwalat ng impormasyon
- pagprotekta sa mga tao laban sa personal na pananagutan para sa anumang bagay na ginawa nila sa paniniwalang tumutugon lamang sila sa Batas.
- pagbibigay ng kapangyarihang gumawa ng mga regulasyon sa ilalim ng Batas.[11]

**Tanong 13:**

Mayroon ka bang ibang mga komento tungkol sa Batas na nais mong talakayin?

[11] Mga Seksyon 42-51 Disability Inclusion Act 2014 (NSW).